

ARALING SAGISAG KULTURA:

Kikilalanin, Pahahalagahan, Palalaganapin ng mga Guro

ni: **Julius V. Sarabia**- DCS Meycauayan, Region III

National Winner- Araling Sagisag Kultura Competition

2nd Diwang: Sagisag Kultura ng Filipinas Competition

GDCE Scholar - Colegio De San Juan De Letran-Calamba (2013, 2014)

KAGUMA Participant (2011, 2013)

Isang bukas na katotohanan para sa ating mga guro na ang banghay-aralin (lesson plan o daily lesson log) ang itinuturing nating bibliya sa pagganap sa ating tungkulin. Isang kasalanang mortal ang hindi gumawa nito lalo't alam natin na dito nakasalalay ang mga pangunahing kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa isang pangunahing paksang naaayon sa kanilang antas sa elementarya o sekundarya.

Hindi kaila sa atin, partikular sa mga guro ng pampublikong paaralan ang paggamit ng daily lesson log alinsunod sa DepEd Order No. 70, s. 2012. Layunin nito na magkaroon ng higit na maraming oras ang mga guro na lumikha at maghanda ng mga kagamitang pampagkatuto at mga student centered activity kaya pinadali ang paghahanda ng pang-araw araw na banghay-aralin.

Apat na aspekto lamang ang tinitingnan sa Daily Lesson Log: Paksa, mga Kagamitang kakailanganin ng Mag-aaral, Puna, at Iba Pang Gawain.

Sa Paksa ay makikita ang pamagat ng aralin na matatagpuan sa Teachers Guide (TG) o Teachers Manual (TM). Sa aming Dibisyon, kasama ang pagsulat ng layunin bagaman ito naman ay matatagpuan na rin sa TG/TM. Ang Kagamitan ng mga Mag-aaral ay ang mga Activity Sheet, Module, at iba pang kagamitan at kung saang pahina sila matatagpuan sa TG o TM. Ang Puna naman ay ang dami o bilang ng mga mag-aaral na nagtamo ng mastery level o nangangailangan ng balik-turo o mga enrichment lesson. Samantala, ang Ibang Gawain ay may kinalaman sa interbensiyon para sa mga mag-aaral na hindi nakaabot sa mastery level sa araling iyon.

Ang paggamit ng lesson log ay nagpapadali ng paghahanda ng mga guro sa pang-araw araw na aralin. Ang mga gurong nasa serbisyo nang dalawang taon pa ang pinahihintulutang gumamit o gumawa nito samantalang ang wala pang dalawang taon sa pagtuturo ay inaasahang gumawa ng tradisyonal na mga Detailed Lesson Plan.

Isang hamon sa mga iskolar ng Graduate Diploma in Cultural Education ng NCCA ang paglikha ng isang lesson exemplar na gumagamit ng mga Sagisag Kulturang Filipino bilang paksa sa kanilang mga aralin. Sa pagpapalit ng kurikulum mula BEC papuntang K-12, lalong tumindi ang aking tanong kung paano pa magagamit ang mga Araling Sagisag Kulturang ito kung Daily Lesson Log lamang ang ihahanda ng mga guro at nakadepende na lamang sa mga ready-made Teachers Guide o Manual.

Sa pagtahak ko sa ikalawang level bilang GDCE Scholar, dito unti-unting nasagot ang aking mga tanong. May isang kurso kami na tinatawag na Development of Culture-based Lesson Exemplar. Layunin nito na ang bawat isang iskolar ay makalikha ng isang araling ginagamitan ng sagisag kultura na makukuha mula sa nakatalang Sagisag Kulturang Filipino ng NCCA-PCEP.

Inaakala ng ilan na ito ay madali dahil tila simpleng integrasyon lamang ito ng mga sagisag kultura sa kanilang pang-araw araw na aralin. Ngunit habang lumalalim ang pagtalakay sa mga pamamaraan, metodo, at kaligiran ng paglikha ng isang araling sagisag kultura ay parang bumigat muli ang pasanin namin na mag-isip ng higit pa sa normal naming kakayahan.

Ang pagbubuo ng isang araling sagisag kultura ay bahagi lamang ng isang malaking gampanin na iniatang sa amin bilang mga iskolar ng NCCA. Sumasalamin din ito sa kung gaano pinahahalagahan ng mga iskolar ang mapili at matawag na NCCA Scholar o iskolar ng gobyerno. Hangad naming magamit ang mga aralin sa aming pagtuturo at maibahagi sa kapuwa guro at maging pamana namin sa aming Kagawaran.

Sa balangkas pa lamang ay makikita na ang tunguhin ng aralin. Tiyakin dapat na ang mga konsepto o kasanayan na panggalingan ng pamantayang nilalaman ay bahagi ng Desired Minimum Learning Competencies ng PELC/PSSLC ng BEC Curriculum ng DepEd o ng bagong K-12 Curriculum.


Ang mga konsepto o kasanayan na napili ay dapat mapaunlad sa pamamagitan ng iba't ibang asignatura. Ito ang tinatawag na "cultural integration across discipline." Naniniwala ako na hindi nakakahon ang paksang kultura sa asignaturang HeKaSi o Araling Panlipunan. Ang kultura ay bahagi ng bawat asignatura ng kurikulum. Kaya marapat na ang aralin ay may paksang magkakaroon ng koneksiyon sa kultura ng mga mag-aaral.


Sa pagsulat ng araling sagisag kultura, hindi dapat mawaglit sa ating isipan na ang bawat layunin at gawaing pampagkatuto ay may batayang mga prinsipyo o panuntuang pampagkatuto (learning principle) na minsan ay naisasantabi na ng mga guro sa kagustuhan na makapaghanda ng iba't ibang gawain upang matawag na student centered ang klase. Ang isang araling sagisag kultura ay kinakailangang magmula sa isang teorya, simulain, at batayan na magsisilbing pilosopiya sa pagbubuo ng proseso sa pagtuturo at pagkakatuto.

Kung naisagawa na ang mga naunang gabay ay isusunod na ang pagpili ng pangunahing paksa na siyang pagdadaluyan ng pagsasagawa ng nilalaman. Matapos makapili ng paksa, ang susunod ay ang paglalapat ng mga makabuluhan at masiglang gawaing pagkakatuto ayon sa kakayahan at kakaniyahan ng mga mag-aaral.

Narito ang balangkas ng araling sagisag kultura na aking isinumite sa NCAA-PCEP na pinalad na mapili bilang isa sa mga nagwagi sa 2nd Diwang Sagisag Kultura Competition.

CULTURE-BASED LESSON INTEGRATION





* PELC- PhilippineElementary Learning Competencies, Basic Education Curriculum Grade VI Mathematics

Ang mga natutuhan ko sa gabay sa paggawa ng araling sagisag kultura ay aking mataimtim na sinunod. Narito muli:

1. Tiyakin na ang mga konsepto at kasanayan na batayan ng pamantayang pangnilalaman ay bahagi ng Desired Minimum Learning Competencies ng PELC/PSSLC ng BEC Curriculum ng DepEd o ng sa bagong K-12 Curriculum.


KNOWLEDGE	COMPETENCIES	SKILLS
<ul style="list-style-type: none"> • Infer the circumference of a kawayan cylinder • Recognize the unit of measure used in determining the volume of cylinders (PELC) 	<ul style="list-style-type: none"> • Convert one cubic unit of measurement to a larger or smaller unit (PELC) • Derive a formula for finding the volume of cylinders (PELC) • Write an equation or formula to solve for the volume of cylinder (PELC) 	<ul style="list-style-type: none"> • Solve word problems involving measurement of volume of cylinder (PELC) • Analyze the word problem (PELC) • Transform the word problem into a number sentence (PELC) • Use the correct operation (PELC) • States the complete answer (PELC)

Ang mga kasanayang ito ay inaasahan sa isang mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa Philippine Elementary Learning Competencies ng DepEd.

2. Pagpili ng pangunahing paksa na siyang batayan ng nilalaman.

Ang pangunahing paksa/temang napili ay ang KAWAYAN. Ito ay isang sagisag kultura ng mga Filipino na pinaghanguan ng pangalan ng Lungsod ng Meycauayan. Ang kabuuan ng aralin ay sumentro sa kawayan at iba pa nitong kaugnay na sagisag kultura. Ginamit ito bilang kagamitang pampagkatuto sa araling Volume of Cylinder sa Mathematics VI

3. Ang mga konsepto at kasanayang napili ay dapat mapaunlad sa pamamagitan ng iba't ibang asignatura:



Ang pangunahing konsepto ng kawayan ay mapauunlad sa pamamagitan ng integrasyon ng konseptong ito sa ibat ibang asignatura gaya ng Musika, Sining, EPP, Character Education, Filipino, English, at HeKaSi.

4. Paglalalapat ng mga makabuluhan at masiglang gawaing pampagkakatuto ayon sa kakayahan at kakaniyahan ng mga mag-aaral.

TEACHING TOOLS

- "Leron leron Sinta" tune/ "Lawiswis Kawayan" music
- Various images of kawayan
- Video Clip/ Full texts of Alamat ni Malakas at Maganda

ASSESSMENT

- Finding the volume of different bamboo cylinders
- Solving word problems involving volume of cylinders
- Saving money in an Alkansiyang kawayan

LEARNING PROCESS

- Constructing a cylinder and finding its radius and height.
- AGONA- Problem solving
- Process of making singkaban bamboo arch

ENABLING ACTIVITY

- Showcase pupils multiple intelligences through an exhibit/ live performances of their artwork using bamboo cylinders

5. Ang isang araling sagisag kultura ay kinakailangang magmula sa isang teorya, simulain, o batayan na magsisilbing pilosopiya ng pagtuturo at pagkakatuto.

Narito ang ilan sa mga prinsipyo ng Epektibong Pagtuturo at Pagkatuto na sinipi mula sa "Twelve Principles of Effective Teaching and Learning for Which There is Substantial Empirical Support" (1990) nina Tiberius at Tipping ng University of Toronto. Ang mga prinsipyong ito ang naging sandalan ng iba't ibang gawaing pampagkatuto ng araling sagisag na kulturang ito.

PRINCIPLES	ACTIVITIES IN LESSON EXEMPLAR
<i>Active involvement of the learner enhances learning.</i>	Day 1, Activity 2: Ako si Malakas, Ikaw si Maganda, Nasaan ang Kawayan? – a group activity to construct a bamboo cylinder as depicted from the story
<i>Teachers' knowledge of the subject matter is essential to the implementation of important teaching tasks. Interaction between teachers and students is the most important factor in student motivation and involvement.</i>	Day 1, Activity 1: Picture! Picture! A group activity where various images of kawayan are displayed; guide questions are answered that will lead to the concept of volume measurement.
<i>Students benefit from taking responsibility for their learning.</i>	Day 2, Activity 1 Finding the Volume of Kawayan ni Malakas at Maganda This activity is the sequel of Activity 2 on Day 1. They will find the volume of the cylinder they made.

<i>There are many roads to learning.</i>	Day 3: Kawayan Mini Exhibit Each group will present their artwork through an exhibit of bamboo cylinders.
<i>Learning is enhanced in an atmosphere of cooperation.</i>	Day 1 Activity 3: Sukatin ang Bilog A group activity that will teach measuring the circumference and diameter of different circles in relation to the volume of a cylinder
<i>Material must be meaningful.</i>	Day 2 Activity 2: Worksheet No.1-2 Individual activity in measuring the volume of different bamboo cylindrical products and word problems

6. Paglalapat sa gagamiting template o lesson exemplar batay sa nabuong balangkas.

CONTENT OBJECTIVES (Minimum Learning Competencies)	PROCESS/ PROCEDURE	INTEGRATION TO OTHER SUBJECTS/ SAGISAG KULTURA INTEGRATED	EXPECTED LEARNING OUTCOMES
<ul style="list-style-type: none"> Recognize the unit of measurement used for measuring the volume of cylinders 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Activity I-A Singing the Perimeter, Area Volume Song to the tune of "Magtanim ay Di Biro"</i> Showing various kawayan illustrating the concept of circumference and volume measurement Watching a video clip/ or reading a story about Alamat ni Malakas at Maganda 	<p>MUSIKA (MUSIC) (Local Folk Song: <i>Magtanim ay Di Biro/ Lawiswis Kawayan</i>)</p> <p>HEKASI/ LOCAL HISTORY (<i>Kawayan, Bukawe, Buho</i>)</p> <p>FILIPINO (Alamat, Malakas at Maganda, Tigmananukin)</p> <p>SINING (ARTS)</p>	<ul style="list-style-type: none"> Concept on volume measurement was elicited Recognize the symbolic role of kawayan in the history of the province. Determine the appropriate unit of measurement for computing the volume of cylinders as to their sizes (Activity 1-A, 1-B)

	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Activity 2: Ako si Malakas., Ikaw si Maganda Nasaan ang Kawayan?</i> 		<ul style="list-style-type: none"> • Maunawaan ang napanood, napakinggan o nabasang kuwento • Discover that a kawayan is cylinder which has an enclosed space inside • Construct a kawayan as depicted from the story
<ul style="list-style-type: none"> • Convert one cubic unit of measurement to a larger or smaller unit 	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Activity 3: Parehong Sukat</i> Determine the best unit of measurement for cylindrical objects found inside the room or school grounds. Application: Dyad Approach <i>Converting units into smaller or larger units</i> 	HEKASI (<i>Sukat</i>)	<ul style="list-style-type: none"> • Determine the best unit of measurement for different cylindrical objects found inside the room or school grounds.(Group Activity) • Convert one cubic unit of measurement to a larger or smaller units (Dyad Activity)
<ul style="list-style-type: none"> • Derive a formula for finding the volume of cylinders 	<ul style="list-style-type: none"> • <i>Activity 4: Sukatin ang Bilog</i> Measure circumference and diameter of circular objects like dikin, bilao, bistay and other circular objects 	(Dikin, Bilao, Bistay, bao, bunot)	<ul style="list-style-type: none"> • Established the relationship of circumference to the diameter determines the value of pi (3.14)

	<ul style="list-style-type: none"> Find the base area of a given cylinder using the problem opener 		<ul style="list-style-type: none"> Make a generalization that the base area of a cylinder is necessary in finding the volume of a cylinder Derive a formula for finding the volume of cylinders through Activity 4: Sukatin ang Bilog
<ul style="list-style-type: none"> Solve the equation using a formula in determining the volume of cylinder 	<ul style="list-style-type: none"> Present a problem opener using the alkansiyang kawayan 	CHARACTER EDUCATION (Alkansiyang kawayan)	<ul style="list-style-type: none"> Express an equation for solving the volume of cylinder using the three units: radius², pi, and the height (problem opener) Practice saving small amount of money through a coinbank
<ul style="list-style-type: none"> Solve word problems involving measurement of volume of cylinder 	<ul style="list-style-type: none"> Present word problems using different kinds of bamboo cylinders (Activity 4) Watch a video clip on "The Process of Singkaban Bamboo Arch" 	EPP (Industrial Arts) (singkaban)	<ul style="list-style-type: none"> Solve word problems involving measurement of volume of cylinder through analyzing a word problem; transform the word problem into a number sentence; and use the correct operation

			<ul style="list-style-type: none"> Apply the steps in making singkaban bamboo arch in producing a bamboo cylinder pen holder/ coinbank, rainmaker, tumbler, flower vase
--	--	--	--

Mapupuna na marami at iba-iba ang mga gawaing pampagkatuto dahil ito ay tumatalima sa layunin na magkaroon ng student-centered activities at mailahad ang sagisag kulturang Filipino na integratibo at alisunod sa time on task policy ng DepEd (Instituting Measures to Increase engaged Time-On-Task and Ensuring Compliance Thereof). Sang-ayon dito, dapat na magamit nang husto ang oras sa bawat asignatura. Ang asignaturang Mathematics ay may 60 minuto bawat araw. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pampagkatuto at mga pre-assigned activity, inaasahang ang kasanayan na dapat matutunan ng mga mag-aaral ay matatamo.

Sa kasalukuyan ang Mathematics VI ay nasa BEC Curriculum pa. Bukod dito, mabago man ang kurikulum, hindi ito magiging hadlang upang ang lesson exemplar na ito ay hindi mapakinabangan dahil ang mga kasanayan ay inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral kahit anong kurikulum pa ang umiral.

Pagsubok

Ang lesson exemplar ay nilikha hindi lamang para sa isang araw na klase. Maaaring para ito sa higit pa sa isang araw at kinakailangan ang iba't ibang kagamitan at gawaing pampagkatuto. Marami ang nakapupuna na maaaring imposibleng maisagawa ang iba't ibang gawain sa loob lamang ng tig-iisang oras sa tatlong araw. Ngunit tila nakalilimot ang mga pumupuna na bago maglatag ng layunin ay isinasaalang-alang muna na dapat ito ay tiyak, nasusukat, maaaring matamo, realistiko, at maaaring magawa sa loob ng tiyak na panahon.

Sa aming demonstrasyon ng mga culture-based lesson exemplar kaharap ang ilang GDCE Scholar ng NCCA sa buong Pilipinas ay iba-iba ang reaksiyon ng balana. May mga natuwa, humanga, at pumuri sa mga gawang araling sagisag at mayroon

ding pumuna at tumuligsa.

Ang mga kritisismo sa napagwagiang araling sagisag kultura ay nagsilbing hamon sa amin na lalong pagbutihin ang gawa ng mga susunod na araling sagisag kultura. Ang araling sagisag kultura ay espesyal na lesson exemplar dahil sa layunin nitong ipakilala, pahalagahan, at palaganapin ang sagisag kulturang Filipino sa kasanayan itinakda ng DepEd.

Ang NCCA at DepEd ay magkapatid sa hangaring pumanday ng mga mag-aaral na mulat sa kulturang Filipino na magiging hulmahan ng kanilang pagkakakilanlan bilang Filipino.

Iba-iba man ang pamamaraan kung paano gumawa ng lesson exemplar ang mga nagsipagwagi noong 2013 at 2014 ay tiyak ako na ang layuning magpakilala, magpahalaga, at magpalaganap ng sagisag ng kulturang Filipino ang kanilang pangunahing layunin, pangalawa lamang ang karangalan.

Tunguhin

Ang bawat araling sagisag kultura ay maliliit na kontribusyong ito sa kurikulum ng DepEd ay inaasahang mas maipapaabot sa mga kapuwa guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga guro na may maunlad na kasanayan sa paggawa ng culture-based lesson exemplar na maging resource speaker or trainer sa kaugnay na gawain.

Magkaroon sana ng matibay na ugnayan at koordinasyon ang NCCA at DepEd upang higit na makarating sa mga guro ang bawat proyekto ng NCCA-PCEP. Ang mga Regional Coordinator sana ay paigtingin ang pagnananasa na palaganapin ang kulturang Filipino.

Narito ang lesson exemplar sa Elementary Mathematics. Nagwagi sa 2nd Diwang: Araling Sagisag Kultura Competitions.